




# Gifu Prefecture Public Relations Balita mula sa Prepektura ng Gifu



## Highlights para sa Hunyo 2020

### Pagprotekta sa Sarili sa isang Natural Disaster

Kapag ang kalamidad tulad ng bagyo, baha o landslide ay nangyari o posibleng mangyari, maglalabas ang mga munisipyo ng impormasyon ng paglisan (evacuate) ayon sa antas ng babala. Mahalagang impormasyon ito na magliligtas sa buhay, siguraduhing maunawaan ang nilalaman at pagkakaiba ng iba't ibang uri ng babala, at lumikas nang maaga.



### Puntong dapat tandaan kapag lilikas

- Kumpirmahin ang mga ruta sa paglisan at ang lokasyon ng mga evacuation site nang maaga, at piliin na lumikas nang maaga.
- Iwasan ang mga mapanganib na lugar tulad ng malapit sa mga ilog kapag lumikas. Ang impormasyon sa paglikas na inihayag ng mga munisipyo ay makikita din sa Prefectural Comprehensive Disaster Prevention Portal Website (Ken Sogo Bosai Portal Site)
- ◆ Hanaping Salita: 岐阜県総合防災ポータルサイト
- ◆ Para sa mga Detalye: Disaster Prevention Division  
☎058-272-1125 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

### ●Populasyon sa Prepektura

**1,979,516** (nabawasan ng 4,572)

※Abril 1, 2020 hanggang sa kasalukuyan.

※Ang ( ) ay inihambing sa nakaraang buwan.

Ang "Balita mula sa Prepektura ng Gifu" ay pinapalabas din sa **Gifu Chan** (Channel 8)!



"Prefectural Government PR TV Program"



"Gifu Prefecture Government Hotline"

"Seiryu No Kuni Gifu Minamo Tayon"

Pindutin ang button para makuha ang lokal na impormasyon!



### Konsultasyon para sa mga Survivors ng Sexual Violence gamit ang LINE

Ang Gifu Sexual Violence Survivors' Support Center ay nag-aalok ng mga konsultasyon para sa mga survivors sa sekswal na karahasan sa pamamagitan ng LINE ngayong Hunyo.



Makikipagtulungan kami sa inyo at makikipag-ugnay sa mga naaangkop na organisasyon upang mag-isip tungkol sa inyong kinabukasan at ng inyong mental at pisikal na kapakanan. Ang over-the-phone consultations ay magagamit ng 24 oras.

### Konsultasyon sa LINE

◆ **Petsa at Oras** : Hunyo 1 (Lunes) ~ Hunyo 30 (Martes), 2020 Araw-araw 16:00~22:00



### ◆ **Paraan ng Pagkunsulta** :

hanapin ang app sa LINE

“ぎふ性暴力被害者支援センター”

o i-add ang account gamit ang QR code sa kanan.

Add na ang account agad!

### ◆ Konsultasyon sa Telepono

☎ 058(215)8349 (24 oras, 365 days) (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

◆ **Para sa mga Katanungan** : Child and Family Division

☎ 058(272)8326

FAX 058(278)2644 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

# Kahon ng Impormasyon



Paliwanag ng  
Icon



Kagasa pa!



Pa!



Karalipka apas/

Pagpasa sa



Iba pa!



## Libreng Konsultasyon sa Taong marami ang Utang

- ◆ **Petsa at Oras** : Hulyo 17 (Biyernes) 13 : 00~16 : 00
- ◆ **Lugar** : Chuno General Government Office Building (Mino-shi)
- ◆ **Paraan ng Konsultasyon** : Interbyu (30 minutos/ 1 tao)
- ◆ **Bayad** : LIBRE
- ◆ **Paraan ng Aplikasyon** : tumawag ng higit sa dalawang (2) araw para sa reserbasyon
- ◆ **Para sa Aplikasyon at Katanungan** : General Consultation Center for Gifu Citizens  
☎ 058-277-1003 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
- ◆ **Hanaping Salita**: 岐阜県 多重債務相談



## Iwasan ang Food Poisoning

Upang maiwasan ang food poisoning dulot ng mga bakterya na karaniwang dumadami sa tag-init, isaisip natin ang mga sumusunod

- ① Alisin ang bakteryang nagdudulot ng food poisoning
    - Hugasan ng maigi ang pagkain, kamay at gamit pangluto
    - Takpan ng takip o plastic wrap ang pagkain
  - ② Iwasan dumami ang bakteryang nagdudulot ng food poisoning
    - Ilagay kaagad sa ref ang mga nabiling frozen foods o pagkain na kailangan naka-ref.
    - Kainin kaagad ang nilutong pagkain at huwag iwang matagal sa hapag kainan.
  - ③ Patayin ang bakteryang nagdudulot ng food poisoning
    - Lutuin ng maigi ang pagkain
    - Regular na disimpektahin ang mga gamit pangluto
- ◆ **Para sa mga Katanungan** : Gifu Prefecture, Public Hygiene Division  
☎ 058-272-8280 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)



## Nangangalap ng mga Lalahok sa Supporter Training ng “Gifu Help Mark”

Magsasagawa ng mga pagsasanay na nakatuon sa mga katangian ng iba't ibang kapansanan, mga paraan upang suportahan at mga programa para sa kapakanan ng may mga kapansanan.

- ◆ **Petsa at Lugar** : Hulyo 10 (Biyernes) Prefectural General Disability Consultation Center (Gifu-shi)  
Hulyo 17 (Biyernes) Ena General Government Building (Ena-shi)  
Hulyo 21 (Martes) Seino General Government Building (Ogaki-shi)  
Hulyo 30 (Huwebes) Hida General Government Building (Takayama-shi)
- ◆ **Kapasidad** : mga 80 katao (first-come first-served)
- ◆ **Bayad** : LIBRE
- ◆ **Para sa Aplikasyon at Katanungan** : Gifu Prefectural Disability Welfare Division  
☎ 058-272-8309 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
- ◆ **Hanaping Salita** : 岐阜県ヘルプマークサポーター研修



## Konsultasyon para sa mga taong may “Rare Disease”

Konsultasyon sa telepono para sa mga medikal na espesyalista.

- ◆ **Petsa** : Hunyo 24 (Miyerkoles)
- ◆ **Nilalaman ng Konsultasyon** : mga sakit tungkol connective tissue
- ◆ **Paraan ng Konsultasyon** : Telepono
- ◆ **Bayad** : LIBRE
- ◆ **Paraan ng Pagpapareserba** : Tumawag sa telepono in advance
- ◆ **Panahon at Oras ng Aplikasyon** : Lunes hanggang Biyernes 9:30~17:00
- ◆ **Para sa Aplikasyon at Katanungan** : Intractable Disease Support Center  
☎ at FAX 058-214-8733 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
- ◆ **Hanaping Salita**: 岐阜県難病相談

# Talakayin natin ang Sustainable Development Goals (SDGs)!

## Target 1 Alisin ang Kahirapan

Ang epekto ng COVID-19 ay lumikha ng mahigit na pangangailangan upang matulungan ang mga batang nabubuhay sa kahirapan at nahihirapan sa mga gawain sa paaralan. Ang Gifu Prefecture ay nangangalap ng mga Support Volunteers para matulungan ang mga bata sa kanilang gawain sa paaralan. Bakit hindi gamitin ang iyong mga kasanayan upang matulungan ang iba sa ganitong paraan?



◆**Para sa Katanungan** : Child and Family Division

☎ 058-272-8395 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

## Target 2 Zero hunger

Ang kabuuang halaga ng basura ng pagkain bawat taon sa Japan ay umabot ng higit sa 6 milyong tonelada (sapat na upang punan ang paligid ng 1700 malalaking trak bawat araw). Ang basurang ito ay mula sa tirang pagkain na maaaring kainin ngunit itinapon bilang mga tira o hindi nabibiling pagkain. Ang Gifu Prefecture ay nagtataguyod ng “Gifu Tabekiri Undo” (Gifu "ubusin ang nasa iyong plato" kilusan) sa kooperasyon ng mga restawran at mga katulad na negosyo.



◆**Para sa Katanungan** : Waste Management and Policy Division

☎ 058-272-8214 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

◆**Hanaping Salita** : 岐阜県 SDGs

Ito ang kasalukuyang impormasyon mula Mayo 8, 2020.

Para sa mga katanungan ukol sa pahinang ito, makipag-ugnayan sa Gifu Ken Public Relations Division

☎ 058-272-1111 (Dir. Lin.) (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-278-2506

Sa pakikipagtulungan ng Gifu International Center <http://www.gic.or.jp>